PRAYER

- Ipagdasal na ang bawat miyembro ng iyong grupo ay tumatag sa Salita ng Diyos at maging matapat sa pagsunod sa Kanyang kautusan.

- Kung mayroon mang mga bagay sa buhay mo na hindi umaayon sa Salita ng Diyos, humingi ka ng kapatawaran sa Kanya at kakayahang sumunod mula ngayon.

- Panghawakan ang isang pangako sa Bibliya na pupwede mong ipagdasal at pagmunimunihan ngayong linggo. Umasang makatanggap ng sagot sa iyong panalangin, pabor, at pagpapala.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng local ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

Salita

Week 1

NOTES

CONNECT

- Anong napapanahong balita ang interesante para sa iyo? Bakit?
- Sa palagay mo, sino ang higit na nakaimpluwensiya sa iyo? Sa aling aspeto ka niya higit na naimpluwensiyahan?
- Anong babala o pangaral na natanggap mo noon ang nagagamit mo pa rin hanggang ngayon? Papaano ka natulungan nito?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[16]Lahat ng Kasulatan ay sa Diyos galing at napapakinabangan sa pagtuturo, pagsaway, pagtutuwid at pagsasanay sa kabanalan, [17]upang maging ganap ang lingkod ng Diyos at handa sa lahat ng mabuting gawain.

2 Timoteo 3:16,17

Ang Bibliya ang una at pinakamahalagang batayan ng ating pananampalataya. Bilang mga Kristiyano, ito ang ating gabay sa maka-Diyos na pamumuhay. Higit pa rito, hinihikayat tayong basahin ng regular ang Bibliya at isapuso ito. Heto ang mga dahilan kung bakit ang Bibliya ay hindi lamang isang simple at ordinaryong libro.

- **Ang Bibliya ay Salita ng Diyos.**
  Lahat ng Kasulatan ay sa Diyos galing . . .

  2 Timoteo 3:16

  Isinulat man ito ng mga tao, ang Bibliya lamang ang librong galing sa Diyos. Ibig sabihin nito, tiniyak mismo ng Diyos na maisusulat ng buo ang mensaheng gusto Niyang iparating sa mga tao. Alam nating lahat na kayang pumili ng Diyos ng mga manunulat at mga kwento para sa Kanyang layunin kaya't makakatiyak tayo na ang Bibliya ay tunay ngang Salita ng Diyos. Bakit ka naniniwalang Salita ng Diyos ang Bibliya?

  _____

  _____

  _____

- **Ang Bibliya ay may banal na kapangyarihan.**
  . . . napapakinabangan sa pagtuturo, pagsaway, pagtutuwid at pagsasanay sa kabanalan . . .

  2 Timoteo 3:16

  Dahil ito ay Salita ng Diyos, ang Bibliya ay may awtoridad na galing sa Diyos. Ibig sabihin, ito ang may huling salita sa kung papaano tayo dapat mamuhay bilang Kristiyano at kung ano ang dapat nating paniwalaan. Bilang mga tagasunod kay Jesus, ito ang ating batayan at ang makakasukat kung tayo ba'y sumusunod sa kaparaanan ng Diyos. Sa anong paraan magagamit ang Bibliya batay sa sinabi ni Pablo?

  _____

  _____

  _____

- **Ang Bibliya ay nakabubuti.**
  . . . upang maging ganap ang lingkod ng Diyos at handa sa lahat ng mabuting gawain.

  2 Timothy 3:17

  Ang pamumuhay ayon sa Salita ng Diyos ay nagdudulot ng maraming kabutihan at ito ay patunay na tayo nga'y mga totoong tagasunod ng Diyos (Juan 14:15). Natutulungan tayong harapin ang mga hamon ng buhay kapag tayo'y nakaugat sa Kanyang Salita (Lucas 6:47-49). Magbigay ng halimbawa ng kung papaano ka natulungan ng pagbabasa mo ng Salita ng Diyos sa isang sitwasyon.

  _____

  _____

  _____

SO WHAT ***What is the relevance of the Word to my life?***

- Papaano naaapektuhan ng Salita ng Diyos ang buhay mo ngayon? Anong papel ang ginagampanan nito sa iyong pagpapasiya?
- Magbigay ng isang utos o aral sa Bibliya na nahihirapan kang sundin. Sa tingin mo, bakit ka kaya nahihirapan dito?
- Papaano ka natutulungan ng Salita ng Diyos sa panahon ng kahirapan? Anu-anong mga aral ang natutunan mo sa mga karanasan na ito?

NOW WHAT ***How do I apply the Word to my life?***

- Ano ang magagawa mo ng madalas upang maging kaugalian mo na ang pagbabasa ng Salita ng Diyos?
- Sang-ayon ka ba at naniniwalang ang Salita ng Diyos ang may huling salita sa ating pamumuhay? Anong hakbang ang iyong magagawa upang maging pamumuhay mo na ang pagsunod sa Bibliya habang sumusunod ka kay Jesus?
- Anong mensahe sa Bibliya ang pinakatotoo sa iyong kinalalagyan ngayon? Anu-anong mga pangako ang pupwede mong angkinin at panghawakan para sa iyong pinagdaranasan?